



Kagawaran ng Kalusugang Pangkaisipan ng County ng Los Angeles Pahintulot para sa Paggamot gamit ang Transcranial Magnetic Stimulation (TMS)

Ano ang Transcranial Magnetic Treatment (TMS)?

Gumagamit ang Transcranial Magnetic Stimulation (TMS) ng mga makabagong pagsusulong sa neuroscience upang makatulong sa paggamot sa mga kliyenteng may depresyon. Gumagamit ang paggamot ng TMS ng isang device na naghahatid ng maiikling electromagnetic pulse sa mga piling bahagi ng utak na kumokontrol sa mood. Sa mga kliyenteng may depresyon, maaaring hindi sapat ang aktibidad ng mga bahaging ito ng utak o maaari rin itong magkaroon ng hindi normal na antas ng aktibidad. Ang mga TMS pulse ay tumutulong na pasiglahin ang mga neuron (mga selula ng utak) sa mga bahaging iyon upang makatulong na mapaganda ang mood sa pamamagitan ng pagbabago sa antas ng kanilang aktibidad sa paglipas ng panahon.

Paglalarawan ng Pamamaraan at Plano ng Paggamot

- **Kaginhawaan at Kapaligiran ng Kliyente:** Mananatiling gising at komportableng nakaupo ang mga kliyente. Walang gagamiting anesthesia o pampaantok/pampakalma (sedation).
- **Paglalagay ng Coil at Pagtatakda ng Dosis:** Isang electromagnetic coil ang inilalagay sa anit. Isinasagawa muna ang isang paunang pagsusuri upang matukoy ang tamang dosis ng magnetic pulse. Pagkatapos, inilalagay ang coil sa ibabaw ng partikular na bahagi ng utak na kumokontrol sa mood.
- **Sensasyon at Tunog:** Ang device ay gumagawa ng mga pag-click na tunog at pag-tap na sensasyon sa anit. May ibinibigay na mga earplug para makontrol ang ingay.
- **Tagal at Pagsusubaybay:** Ang bawat sesyon ay tumatagal ng 30–40 minuto. May mga kawani sa buong panahon ng paggamot. Maaari mong hilingin na ihinto ang pamamaraan anumang oras.
- **Dalas at Tagal:** Ang inirerekomendang dalas ng paggamot ay 5 araw bawat linggo sa loob ng 4–6 na linggo. Maaaring mag-alok ng mga patuloy na paggamot (maintenance treatment) sa mas pinababang dalas, depende sa klinikal na pagtugon ng pasyente.
- **Patuloy na Pagsusuri:** Ang mga mood rating scale ay sasagutan ng kliyente bawat linggo. Susuriin ng isang psychiatrist ang progreso at tatalakayin ang mga update sa paggamot bawat linggo.

Mga Posibleng Benepisyo, Panganib, at Alternatibo

Mga Posibleng Benepisyo:

Maaaring makatulong ang TMS na mabawasan o maibsan ang mga sintomas ng depresyon at mapaganda ang tugon sa iba pang paggamot para sa depresyon (tulad ng mga gamot at psychotherapy).

Mga Kilalang Panganib at Side Effect:

- | | |
|--|--|
| <ul style="list-style-type: none">• Mga pananakit ng ulo• Hindi komportableng pakiramdam sa anit sa bahagi kung saan isinasagawa ang paggamot | <ul style="list-style-type: none">• Seizure• Walang pagbabago sa mood |
|--|--|

Ibinigay sa iyo ang kumpidensyal na impormasyong ito alinsunod sa mga batas at regulasyon ng Estado at Pederal, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga naaangkop na Welfare at Institutions code, Civil Code, at mga Pamantayan sa Privacy ng HIPAA. Ipinagbabawal ang pagkopya ng impormasyong ito para sa karagdagang pagsisiwalat nang walang paunang nakasulat na awtorisasyon mula sa kliyente/awtorisadong kinatawan na kinauukulan ng impormasyong ito, maliban kung pinahihintulutan ng batas. Kinakailangang sirain ang impormasyong ito pagkatapos matupad ang nakasaad na layunin ng orihinal na kahilingan.

Pangalan: _____ # ng ID: _____

Ahensya: _____ # ng Provider: _____

County ng Los Angeles – Kagawaran ng Kalusugang
Pangkaisipan (Department of Mental Health)

• Pagkawala ng Pandinig • Paglala ng Tinnitus • Problema sa Pagtulog • Paglala ng mood ng depresyon o pagkakaroon ng sintomas ng mania	• Maaaring bumalik ang iyong mga sintomas kapag itinigil ang paggamot • Mga Kaisipang Magpakamatay • Maaaring kakailanganin mo ng karagdagang pagsusuri o paggamot	
Mga Alternatibong Paggamot: Kabilang sa mga alternatibong opsyon sa paggamot para sa depresyon ay ang mga psychotropic na gamot, psychotherapy, at Electroconvulsive Therapy (ECT).		
May Kabatirang Pahintulot at Mga Pagkilala		
Pag-verify sa Wika / Kakayahang Bumasa: ☐ NABASA KO ANG FORM NA ITO ☐ BINASA SA AKIN ANG FORM NA ITO ☐ BINIGYAN NG INTERPRETASYON ANG FORM NA ITO SA _____ (Wika) PARA SA AKIN. <i>(Tandaan: Kung isang isinaling bersyon ng form na ito ang pinirmahan, ilakip sa kopyang Ingles na ito.)</i>		
<u>Pagkilala ng Kliyente / Responsableng Nasa Hustong Gulang:</u> Naipaliwanag sa akin ang impormasyon tungkol sa TMS, kabilang na ang mga posibleng benepisyo, panganib, side effect, at alternatibong paggamot. Sumasang-ayon akong makilahok sa paggamot na ito. Nauunawaan ko na maaari kong bawiin ang aking pahintulot anumang oras.		
Pirma ng Kliyente:	Naka-print na Pangalan ng Kliyente:	Petsa:
Pirma ng Magulang / Legal na Tagapag-alaga / Conservatorship:	Relasyon sa Kliyente:	Petsa:
<u>Pagpapatunay ng Practitioner:</u> Naipaliwanag ko na ang mga benepisyo, side effect, at panganib ng TMS gaya ng nakasaad sa itaas, at nakuha ko ang may kabatirang pahintulot ng kliyente o responsableng nasa hustong gulang.		
Pirma ng Practitioner:	Naka-print na Pangalan at Propesyon/Espesyalisasyon:	Petsa:

Ibinigay sa iyo ang kumpidensyal na impormasyong ito alinsunod sa mga batas at regulasyon ng Estado at Pederal, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga naaangkop na Welfare at Institutions code, Civil Code, at mga Pamantayan sa Privacy ng HIPAA. Ipinagbabawal ang pagkopya ng impormasyong ito para sa karagdagang pagsisiwalat nang walang paunang nakasulat na awtorisasyon mula sa kliyente/awtorisadong kinatawan na kinauukulan ng impormasyong ito, maliban kung pinahihintulutan ng batas. Kinakailangang sirain ang impormasyong ito pagkatapos matupad ang nakasaad na layunin ng orihinal na kahilingan.	Pangalan: _____ # ng ID: _____ Ahensya: _____ # ng Provider: _____ County ng Los Angeles – Kagawaran ng Kalusugang Pangkaisipan (Department of Mental Health)
---	--